

1

Walang nakaligtas sa matalas na paningin ni Angus Madriaga. Nasa sulok siya at matamang nakamasid sa palibot ng hotel, partikular na sa mga lumalapit sa incumbent mayor na si Godofredo Jimenez ng San Sebastian.

Mula Maynila ay nadeestino siya sa bandang norteng iyon ng Pilipinas, isa siya sa mga security escorts ng mayor. Wala pa siyang isang buwan sa tungkulin. Sa sunod na buwan ay election na kaya puspusan na ang pangangampanya ng mga kandidato. Kahit papaano ay pinagkakatiwalaan na siya ni Mayor Jimenez. Siya ang paboritong isama ng alkalde sa mga aktibidades nito, personal man o tungkol sa trabaho.

Bagaman tahimik lamang siya sa isang sulok ay alisto ang mga mata niya sa mga taong paroo't parito lalo na sa mga lumalapit sa mayor. Bigla siyang natigilan nang makita ang isang babae na papalapit sa alkalde. Nakakasilaw ang kaputian nito at ang mukha ay tila sa isang anghel. Matangkad ito sa pangkaraniwang height ng mga Pinay. Nakuha rin ng brown nitong buhok na abot sa balikat at nililipad ng

hangin ang atensyon niya. Mula sa mukha ng babae ay natuon ang paningin niya sa umiindayog nitong balakang habang naglalakad.

Napalunok si Angus, hindi niya maipaliwanag ang nararamdaman sa nakikita. Pihikan siya pagdating sa babae. He'd had previous on and off relationships, flings. Nakakarating sila sa kama, hindi niya ikakaila iyon. Pero alam niyang init lamang ng katawan ang dahilan niyon.

Habang nakatitig sa babae, parang may sumuntok sa kanya sa ibaba ng puson. Madali niyang sinaway ang sarili at napailing sa makamundong pagnanasang pumasok sa isipan niya.

Hindi niya magawang alisin ang atensyon sa babae. Lumapit ito sa mayor at humalik sa pisngi nito. Inakbayan naman ng matanda ang bagong dating.

Naningkit ang mga mata niya sa nakita, parang gusto niyang ilayo nang sandaling iyon ang babae sa alkalde.

A politician's mistress? singhal niya sa isip.

Gusto niyang mainggit sa mayor, dahil nagagawa nitong hawakan ang makinis na kamay ng estranghera at posibleng nahahalikan din nito ang malalambot na labi ng babae.

Muli ay napailing siya. Bakit sa kampanya pa mismo nito dinala ang babae? Isa pang lalaki ang lumapit sa mga ito, kaedad lang siguro niya. Nagkamay ang dalawang lalaki at masayang nagkumustahan. Natutok ang mga mata niya rito, lalo na nang akbayan ng mas batang lalaki ang babae.

Hindi niya maintindihan kung bakit nangati ang kamay niyang undayan ng suntok ang lalaki. Nagsalubong ang mga mata nila ng babae at hindi siya nag-alinlangang ipakita rito ang pagkadisgusto niya sa ginagawa nito. Nakita niyang kumunot ang noo nito bago nagmamadaling binawi ang mga mata sa pagkakatingin sa kanya.

Ilang ulit pa niyang nakitang tumingin ang babae sa kanya, na agad din nitong binabawi kapag nahuhuli niya. Tila may magneto ito at hindi rin niya magawang ilayo ang paningin dito.

Nakita niyang sinenyasan siya ng alkalde na lumapit, tumalima siya. Hindi maalis ang matamis na ngiti ng mayor, hawak pa rin nito ang kamay ng magandang babae. Lalo siyang lihim na naghimutok.

“Angus, wala akong ibang mapagkakatiwalaan na maghatid sa kanila,” bungad ng alkalde.

Muling nagsalubong ang tingin nila ng babae at

mulí, nag-iwas ito ng tingin.

Hindi niya inalis ang paningin sa babae. “Wala hong kaso sa akin, Mayor,” aniya.

Kung maganda ito sa malayo ay mas maganda pala ang babae sa malapitan. Tanging manipis na lipstick lamang ang makeup nito. Nahalata rin niyang iwas na iwas itong mapatingin sa kanya.

“Amber, ito si Angus Madriaga. Angus, siya ang aking anak na si Amber,” pagkuwa’y saad ni Mayor Jimenez.

Tila sumaludo ang langit sa kanya sa sinabing iyon ng alkalde. Pero nakaramdam siya ng pagkapahiya sa sarili dahil sa mga naiisip kanina. Agad iyong napalitan ng pagkadismaya nang magpatuloy ang alkalde.

“At ito ang boyfriend niya, si Konsehal Drew Israel.” Nakaakbay sa dalaga ang ipinakilala ng mayor.

Nakita niyang nagtatagis ang bagang ng lalaki habang nakatingin sa kanya. Sinalubong niya ang tingin ng konsehal, nagsukatan sila ng tingin. Naroon din ang disgusto sa mga mata nito para sa kanya. Lalo nitong hinapit ang katawan ng dalaga na parang sadyang ipinapakita sa kanya.

“Hindi ko gusto ang pagkakatingin mo sa girlfriend ko,” lantarang sabi nito.

Hanggang tainga lamang niya ang lalaki at hindi siya mangingiming ibalibag ito sa sahig kapag nagkataon.

“Drew!” agad na saway rito ng babae.

“Nakakaloko kung tumingin sa 'yo, Babe, eh.”

“Bawal na ho ba ngayon ang tumingin sa iba?”

“Aba't...” Parang handa siyang suntukin ng konsehal anumang sandali.

Inihanda niya rin ang mga kamao.

“Boys, boys, take it easy. May I remind you na anak ko ang pinagtatalunan n'yo?” saway ng alkalde.

Agad siyang nagpakumbaba. “Paumanhin ho, Mayor.”

“Sige na, Angus, ihatid mo na sila. At huwag na huwag mong iiwan si Amber, ikaw rin ang maghahatid sa kanya sa bahay mamaya,” dagdag nito.

Muli siyang tumingin sa konsehal, nagbabaga pa rin ang mga mata nito nang magsalubong ang mga paningin nila.

Lumipat ang tingin niya sa magandang anak ni Mayor Jimenez. “Tayo na po...”

“Ikaw ang mauna, ikaw ang magda-drive sa ’min, bobo.” Ang lalaki ang sumagot.

Hindi na lamang niya ito pinatulan at nagpatiuna na sa paglalakad pagkatapos magalang na makapagpaalam sa alkalde.

“Bakit kailangan pang pasamahin sa atin ni Tito Fred ang lalaking ’yan? I can take you to the coffee shop myself,” narinig niyang reklamo ng konsehal mula sa kanyang likuran.

“Hayaan mo na, nag-aalala lang si Dad,” anang malamyos na boses ng babae.

“Wala akong tiwala sa pagmumukha ng lalaking ’yan.”

“Pati ba naman concern ni Dad pagtatalunan pa natin, Drew?”

Pigil-pigil niya ang sariling patulan ang lalaki. Konsehal pa namang naturingan...

“Saan po tayo?” tanong niya. Muntik na niyang masagi ang mayamang dibdib ng dalaga dahil sa biglaan niyang pagtigil, tila na-conscious naman ito sa pagkakalapit nila.

“Ma’am, you should address her as ‘Ma’am’, amo mo siya,” sabat ng konsehal.

Tumango na lamang siya.

“Ano pa’ng ginagawa mo, bakit hindi mo kami pagbuksan?”

Binuksan niya ang pinto para makapasok ang mga ito at malakas na ibinalibag iyon pasara.

“Nananadya ka ba?” sita ng konsehal matapos ibaba ang bintana.

“Pasensya na, Konsehal, medyo napalakas lang.”

Habang daan ay pinapakiramdaman niya ang dalawa, nagnanakaw siya ng tingin mula sa rearview mirror. Nais niyang suntukin nang mga oras na iyon ang lalaki dahil sa pagkakahawak nito sa kamay ni Amber.

Ngunit agad din niyang sinaway ang sarili. Sino ba siya para gawin iyon?

“You want to go out tonight for dinner?”

“We dined out last night, Drew,” pabulong na sagot ng babae pero narinig pa rin niya.

“Pero gusto kong gawin natin iyon araw-araw, Babe.”

Nais iikot ni Angus ang mga mata pero nagsalubong ang tingin nila ng babae, at muli, ito ang unang umiwas.

“Sa susunod na lang, Drew. Gusto kong samahan ngayon sa dinner si Dad at si Miko.”

“Or I can stay at the coffee shop, sasamahan kita maghapon.”

“Hindi kita maaasikaso d’un, mag-i-inventory ako.”

“So kailan ka puwede?” pangungulit pa rin nito.

Hindi na nagawang sumagot ni Amber nang tumunog ang cellphone ni Drew.

“Yes, Papa, I’m with Amber, papunta kami ngayon ng coffee shop.” Sandali itong natahimik para pakinggan ang nasa kabilang linya. “Is it important? Okay, I’ll be there in a minute.”

Nagpapasensya ang hitsura nito nang tumingin sa babae. “May mga colleagues na dumating si Papa, kailangan ako doon, Babe. Why don’t you come with me, huh?”

“You know I can’t, Drew. I’m needed at the coffee shop.”

“Okay, ihahatid muna kita.”

“Mas unang sasapitin ang hotel kung nasaan si Tito Eddie, so you go first.”

“Wala akong tiwala sa bodyguard na ’to,” pasaring uli ng konsehal.

Muling nag-ugnay ang mga mata nila ng babae sa rearview mirror.

“Drew, si Dad ang nagpasama sa kanya sa atin. Hindi niya ako ipapahatid sa hindi niya pinagkakatiwalaan, okay?”

“Fine. Just call me if anything happens,” anito, tumingin pa nang masama kay Angus.

Kakaibang saya ang naramdaman niya nang mapagsolo sila ni Amber sa kotse. Nakatutok ang paningin niya sa daan pero pinapakiramdaman niya ang dalaga. Sa labas ng bintana nakatingin ang babae na tila iniiwasang lumingon sa kanya.

“Saan ho tayo?”

“Ma’am’!” diin nito.

“Saan ho tayo, Ma’am?”

“Sa Lotus Street.”

“Saan ho ’yun?” Alam niya ang kalyeng iyon. Bago pa man siya dumating ng San Sebastian ay pinag-aralan na niya ang lugar. Gusto lang niyang marinig ang boses ng dalaga.

“Derecho ka lang at sasabihin ko sa ’yo kung saan ka liliko.”

Isang mahabang katahimikan ang namayani pagkatapos. Ni hindi na muling bumaling sa kanya si Amber.

“Pasensya na ho kayo, bago pa lang kasi ako dito. Taga-Maynila ako at nagtatrabaho sa isang security agency. Nang mag-request ang daddy n’yo ng security service, isa ako sa mga na-a-assign dito.”

“Wala akong pakialam doon, Mister, kaya walang rason para magpaliwanag ka,” supladang sabi nito.

Muntik nang mapasubsob ang dalaga nang malakas siyang magpreno sa harap ng pag-aari nitong coffee shop. Nalaman niya iyon mula sa naging pag-uusap nito at ni Drew kanina, gayundin sa kuwento ng mayor na may pag-aaring coffee shop ang panganay na anak nito. Sa coffee shop na iyon mismo nagkakape ang mayor kapag oras ng break nito. Pero hindi niya nakita roon ang dalaga sa isang buwan niyang pamamalagi sa San Sebastian.

Batay sa usapan nito at ng nobyo kanina, kauuwi lang nito galing ng Singapore, may dinaluhan itong food expo roon.

“Akala ko ba hindi mo alam ang street na ’to?”

“Pumupunta dito si Mayor at nakabisado ko ang daan.”

Isang matalim na irap ang ipinukol nito sa kanya at mabilis nitong binuksan ang pinto ng kotse.

“Umuwi ka na,” utos nito nang papalabas na ng sasakyan.

“Hindi ako uuwi hangga’t hindi si Mayor ang nag-uutos sa akin,” matigas na sagot niya.

Nawili siya sa nakitang pamumula ng mukha ng babae sa inis. “I’ll call Dad, sasabihin ko sa kanyang pinapauwi na kita.”

“He has my number, kung gusto niyang mauna na ako sa ’yo ay tatawagan niya ako. Siguro naman ay narinig mo ang sinabi niya kanina na ako ang maghahatid sa ’yo pauwi.”

Nanggagalaiti pa rin ito sa galit nang lumabas ng kotse. Sa balakang ng dalaga natuon ang pilyo niyang mga mata habang papalayo ito.

2

Hindi mapakali si Amber sa kinauupuan, wala sa binabasang sales report ng restaurant ang utak niya, lumilipad iyon sa lalaking nasa labas ng restaurant. Ang tanging lalaking nagparanas sa kanya ng pamababastos. Sa klase ng tingin nito kanina ay para siyang hinuhubaran. Sinong matinong babae ang hindi maiinis sa ginawa nito? At ito lang ang nakagawa niyon sa kanya. Ang ibang lalaki ay nai-intimidate na lumapit man lang sa kanya dahil na rin siguro sa higpit ng daddy niya. At aminado rin siya na namimili siya ng taong pinakikitunguhan. If she didn't like a person, there was no way she'd start a conversation with him.

Kaya hindi niya napigilan ang sarili na supladahan ang bodyguard ng ama. Dapat lang iyon dito, wala itong karapatang tingnan siya mula ulo hanggang paa. Kung makatingin ay para siyang hinuhubaran, bastos talaga! Hindi siya makakapayag na lantaran siya nitong bastos-bastusin, anak siya ng amo nito.

Mayamaya ay tumayo siya, hinawi ang kurtina sa kalapit na bintana, naroon pa rin si Angus; iyon ang narinig niyang itinawag dito ng daddy niya. Mahigit

apat na oras na itong nakatayo roon at nakailang hithit na rin ng sigarilyo. Alam niya iyon dahil kanina pa niya lihim na pinagmamasdan ang lalaki.

She must admit, he was a looker. Lalaking-lalaki ang aura nito na para bang kahit na anong panganib ay kaya siyang iligtas. Bad boy kung tutuusin at matikas ang tindig. Manipis ang korteng pusong mga labi nito na napansin niyang mapula kahit naninigarilyo. Makakapal ang kilay nito at napakatangos ng ilong. Ang pangahan nitong mukha ang siyang nagbigay rito ng lalaking-lalaking dating. Sa taas niyang 5'8" ay hanggang balikat lamang siya nito. Naaaninag din mula sa body fitted shirt nito ang namumutok nitong abs at mga muscles sa braso.

Mabilis na hinamig ni Amber ang sarili. Kailan pa siya nag-imagine ng katawan ng isang lalaki? Maski kay Drew ay hindi niya iyon ginawa.

Nang maalala ang binata ay napabuntong-hininga siya. Napakaseloso ng kanyang nobyo. Kailangan may permiso muna nito bago siya makipag-usap sa kahit na sinong lalaki, kung hindi ay tila napakalaki niyong kasalanan.

Dalawang taon na ang relasyon nila, kung relasyon bang matatawag ang mayroon sila. Ang ama nito ang vice mayor ng San Sebastian. Nang umuwi

siya galing Australia sa mahigit apat na taon niyang pag-aaral doon ay nakilala niya ang noon ay bagito pa lamang sa pulitika na si Drew. Limang taon ang agwat ng kanilang edad. Ipinakilala sila sa isa't-isa ng kanilang mga ama.

Hindi niya maalala na niligawan siya nito, exclusive dating ang nangyari sa kanila. Palagi itong tumatawag at nagpapadala ng mga chocolates at flowers. Namalayan na lang niya na sila na pala.

Oo, hinahalikan siya nito na agad din niyang sinasawata bago pa lumagpas ang lalaki sa limitasyon niya. At hindi niya maintindihan ang sarili dahil sa tuwing hinahalikan siya ni Drew ay wala siyang maramdamang magic. Wala iyong dini-describe ng heroines sa *Hollywood* movies na napapanood niya o sa mga romance novels na nababasa niya.

May hinahanap siya na hindi niya matagpuan sa nobyo. Nitong huli, parang nawawalan na siya ng gana na makasama ito. She felt bored around him. At may mga ugali itong hindi kanais-nais na unti-unti niyang natutuklasan.

Bugnutin si Drew, kapag nahihindian niya ay para itong bata kung magtampo. Palagi nitong iginigiit na tama ito kahit mali. Sa tuwing nag-aaway sila, kahit ang binata ang may kasalanan, siya pa rin

ang nauunang mag-approach dahil na rin sa pakiusap ng ama.

Palagi siyang sinasabihan ng ama na pagbigyan si Drew. Mas mataas ang katungkulan ng daddy niya kaysa kay Eddie Israel na ama ng nobyo pero parang ang daddy niya pa ang nakikisama sa mga ito, na tila ba dapat nilang paluguran lagi ang mag-ama.

But she'd had enough of Drew's spoiled and selfish ways. Ubos na ang pasensya niya rito, hindi na niya kayang magtiis. Naghahanap lang siya ng pagkakataon para magtapat dito ng totoong damdamin niya. Na hindi na niya ito kayang pakisamahan at gusto na niyang tapusin ang anumang relasyong mayroon sila. Pero dahil election period at pareho silang abala, kahit lagi silang magkasama ay hindi siya makahanap-hanap ng magandang tiyempo.

Lantaran na niyang ipinaparamdam kay Drew na nanlalamig na siya rito, at alam niyang nahahalata na rin nito iyon at nababahala ito bagaman wala pang sinasabi.

Nang lumabas si Amber sa private office na nasa left wing lamang ng coffee shop ay naabutan niya roon ang kaibigan at business partner na si Lovely.

“Amber, sino 'yong lalaking nasa kotse mo?

Huwag mong sabihing siya ang ipinalit mo sa spoiled mong boyfriend?”

Inismiran niya ito. “Security escort siya ni Dad, hello!”

Nanlaki ang mga mata nito. “Ang super guwapo at macho na lalaking ’yon, escort ng daddy mo? You’re kidding me, right?”

“Unfortunately, I’m not.”

“Akala ko pa naman bago mong papa. Pero, in fairness, Amber, mas guwapo siya kay Drew.”

“Sa tingin mo papatulan ko siya?”

Nagkibit lang ito ng balikat. “At least kung siya ang boyfriend ko, sure ako na maipagtatanggol niya ako. Para siyang superhero, Amber. He’s a certified hunk.”

“Duh!” Naitirik niya ang mga mata. Sa totoo lang, hindi niya alam kung saan nanggagaling ang inis niya sa matalik na kaibigan.

“Speaking of the... hunky devil.” Inginuso nito ang pintuan at nakita niyang nakatayo roon si Angus.

“Hindi pa ho ba tayo aalis?” tanong nito nang makalapit sa kanila.

“I didn’t tell you to wait for me, ikaw ang mapilit na hintayin ako.”

“Narinig n’yo ang sinabi ni Mayor na huwag kitang iiwan.”

“Guys, I’m here,” ani Lovely, sa kagustuhan sigurong pagaanin ang pag-uusap sa pagitan nilang dalawa ng lalaki.

At ang magaling niyang kaibigan, todo ang pagpapa-cute sa binata, kumukuti-kutitap ang ngiti na parang sa commercial ng toothpaste.

“Hi, ako nga pala si Lovely, best friend and business partner ni Amber. Ano’ng pangalan mo?”

“Angus, secu—”

“Escort ni Mayor, huwag mo nang ulitin, I know it already. I heard kanina ka pa diyan sa labas. Kumain ka na ba?”

“Hindi pa,” sagot nito, sa kanya nakatingin.

“Halika, pakakainin kita.”

Lalo siyang nakaramdam ng inis nang tila linta ang magaling niyang kaibigan sa pagkakakapit sa braso ng lalaki habang naglalakad ang mga ito palayo.

Humarap si Angus nang marinig ang pagbukas ng pinto ng coffee shop. Sinalubong siya nito nang makita ang mga dala-dala niya.

“Tutulungan na kita,” anito at bago pa nakatanggi si Amber ay sumayad na ang kamay nito sa kamay niya.

Lihim siyang napasinghap, damang-dama niya ang mainit nitong hininga sa noo niya at ang mainit na kamay na nakalapat sa kanya. Mabilis niyang binawi ang palad pero isang pagkakamali iyon dahil pagbukas niya ng pinto ng kotse ay biglang tumahol ang napakalaking asong nasa loob ng sasakyan. Hindi niya natantya ang sarili kaya sa matipunong dibdib ni Angus siya nag-landing.

Amoy na amoy niya ang aftershave ng lalaki habang wala itong kakurap-kurap na nakatingin sa mga labi niya. Mabilis na nahimasmasan si Amber at nailayo agad ang katawan sa lalaki.

“Bakit may aso sa loob ng kotse?”

“Bomb sniffing dog ’yan, Amber,” anitong hinimas-himas ang ulo ng aso kaya agad iyong nag-behave. Nang tuluyang tumigil sa pagkahol ang aso ay kinuha ng lalaki ang leash nito at inilabas ng kotse ang hayop.

“Get him away from me.” Mabilis siyang lumayo, hanggang baywang niya ang taas ng aso.

“Don’t worry, he’s harmless, isa siyang *Belgian Malinois* at ako ang handler niya,” ani Angus.

“Bakit nandiyan sa loob? Iwan mo siya kung ayaw mong malaman ito ni Dad.”

“Alam ni Mayor na kukunin ko siya ngayon, dagdag proteksyon para sa mga nais magtangka ng masama sa inyo.”

“Still, I don’t like him to be in my car, iwan mo siya.”

“I’m afraid I can’t do that, Amber. He’s coming with us.”

Bago pa siya nakasagot ay dumating ang kotse na kinalululanan ni Drew, mabilis itong lumapit sa kanila at pasimple niyang inilayo ang mukha nang tangkain nitong halikan siya.

“Bakit nandito ka pa?” agad na sita nito nang makita si Angus.

“Ang bilin ni Mayor ay huwag na huwag ko siyang iiwan.” Tumingin ang security ng ama sa kanya.

Tumahol nang malakas ang aso kay Drew at

dahil sa gulat ay muntik na itong mapatihaya nang umurong. “What the hell...?”

“Drake, stop!” Mabilis na tumahimik ang aso nang marinig ang warning ni Angus.

“What is going on here? Bakit may aso sa loob ng kotse?”

“Bomb sniffing dog si Drake at ako ang keeper niya,” sagot ni Angus sa konsehal.

“Pinayagan ka ni Tito Fred?”

“In fact, siya ang nag-suggest na kunin ko si Drake. Kinuha ko siya kanina sa headquarters”

Napamura ang kanyang nobyo, hinawakan siya sa kamay at iginiya patungo sa sasakyan nito. “Ako ang maghahatid sa ’yo. Let’s go,” walang babalang sabi nito at hinawakan siya sa kamay.

Dahil sa takot sa aso ay hindi na tumanggi si Amber. “Iwan ko lang ang mga ito sa kotse,” aniya, tinutukoy ang mga dala.

“Bilisan mo lang, I’ll wait for you in the car.” Nagpatiuna si Drew sa kotse nito.

Sumunod sa kanya si Angus. “Anim na oras akong naghintay sa ’yo ’tapos sa kanya ka lang pala sasama,”

anito habang tinutulungan siyang ipasok sa back seat ang mga gamit niya.

“Sino ba’ng may sabing hintayin mo ’ko? Teka nga, bakit ba ganyan ka makapagsalita, hindi ka ba tinawagan ni Dad at pinauwi...” Hindi niya naituloy ang sasabihin nang daklutin nito ang isa niyang kamay habang iniaabot niya ang gamit dito. Nang subukan niyang pumiksi ay pinisil pa nito ang palad niya. Kung wala lang si Drew sa malapit ay baka nasampal na niya ito. “Bastos!” gigil na bulong niya rito sabay talikod.

Lihim na nahaplos ni Amber ang kamay niyang hinawakan ni Angus, tila naroon pa rin ang init ng palad nito. *Ano ba itong nangyayari sa akin?*

“Babe?” Nagulat siya nang marinig ang boses ni Drew. “Are you all right?”

“Of course, may iniisip lang ako.”

“Ka ko, ano ang masasabi mo sa proposals nina Dad at Tito Fred?”

“Anong proposal?”

“Magpakasal na tayo”

“What?”

“Let’s get married, may problema ba d’un?” walang-anuman nitong tanong.

Hindi siya kumbinsido na pumayag ang daddy niya na magpakasal siya kay Drew. Hindi man magsalita ang ama, alam niyang ayaw nito sa konsehal. May mabigat na dahilan ang ama kung bakit pinaglalapit silang dalawa.

“Alam mong wala pa sa plano ko ang mag-asawa, Drew. Ang coffee shop ang priority ko sa ngayon.”

“You can still prioritize the coffee shop, Babe, hindi naman kita pipigilan. Stable na tayo pareho, and we’re not getting any younger. You’re twenty-four, ano pa ba’ng ikinakatakot mo?” Ginagap nito ang kamay niya, na hindi niya mabawi dahil sa higpit ng pagkakahawak nito.

Nang tumigil sila dahil sa stop light ay kitang-kita niya ang paniningkit ng mga mata ni Angus nang magtapat ang mga sasakyan nila. Binawi tuloy niya ang mga kamay mula sa nobyo.

“Okay, sa susunod na lang natin pag-usapan ang tungkol sa kasal, pag hindi ka na pagod at matino na ’yang isip mo.” Inis na itinuloy na lamang ni Drew ang pagmamaneho. Itinigil nito ang *Ford Expedition* sa tapat ng bahay nila. “Susunduin kita bukas, Babe.”

Bago nakasayad ang mga labi nito sa pisngi niya ay halos mabasag ang eardrums niya nang may malakas na bumusina sa likuran nila. Napamura si Drew at sa galit ay lumabas ng kotse upang harapin si Angus.

“Lumabas ka diyan, tarantado ka!”

Napailing na lamang si Amber sa kakitiran ng utak na ipinapakita ni Drew. Nang lumabas si Angus ay hatak nito sa kamay ang *Belgian Malinois*.

“Sa tingin mo matatakot ako sa ’yo dahil kasama mo ang asong ’yan? Ano ba’ng problema mo, Madriaga?”

“Kung napapansin mo, naka-double park ka at hindi mabuti ’yan para sa mga bisita ni Mayor. Binusinahan kita para mai-park mo nang maayos ang sasakyan mo.”

“Puwede mo ’yong sabihin sa akin at hindi ’yong bubusina ka nang napakalakas, bobo!”

“Tama na ’yan!” Pumagitna si Amber sa dalawa. Sa nakikita niya ay posibleng magbasagan ng mukha ang mga ito.

“Sa nakakalalaki, eh! Bakit ba kinuha ito ni Tito Fred, eh, puro kayabangan lang yata ang alam nito?”

“Drew sinabing tumigil ka na, eh.” Nauubos na ang pasensya niya.

Sumipol si Angus na lalong ikinainis ni Drew.

“What do you mean by that?” sita ng nobyo niya.

“Para kang babae, dada nang dada. O baka naman may gusto ka sa akin?”

Muntik nang masuntok ni Drew si Angus, kung di lang mabilis na nakailag ang huli.

Napatili si Amber.

“Gago ka pala talaga, eh! Ano ba’ng gusto mong mangyari, ha?”

Ni hindi man lang kababakasan ng takot si Angus, hinarap nito ang galit na si Drew. “Baka nabibigla ka, kalahati ng buhay ko, ginugol ko sa paghawak ng baril.”

“Tinatakot mo ba ako, Madriaga?”

“Hindi kita tinatakot, Konsehal. Ang sa akin lang mag-iingat ka sa mga sinasabi mo lalo na’t may baril ang taong kausap mo.”

“Ano’ng akala mo sa akin, hindi marunong humawak ng baril? Hoy, hindi mo kilala kung sino ang kaharap mo.”

Hindi na nakatiis si Amber. “Ano’ng gusto ninyong mangyari ngayon, mag-duelo?”

“Ito kasing bodyguard na ’to, eh—”

“Shut up, Drew!” saway niya.

“Ikaw ang nauna,” sapat ni Angus.

“Isa ka pa,” baling niya sa lalaki. Sa inis ay iniwan niya ang mga ito.

Muli ay nakaramdam ng pagkailang si Amber sa malagkit na pagkakatingin sa kanya ni Angus. Kumakain sila ng daddy niya, kasama ang bunso niyang kapatid na si Miko nang sandaling iyon. Si Angus ay nasa di kalayuan sa dining hall.

“Sumabay ka na sa aming maghapunan, Angus,” tawag ng daddy niya.

“Huwag na ho, Mayor. Nakakahiya naman po,” magalang na tanggi nito.

“Hindi ka naman na iba sa akin, umupo ka sa tabi ni Amber at sabayan mo kami.”

Tumingin muna sa kanya ang lalaki bago tumalima. “Sige ho!”

Hindi alam ni Amber kung sinadya nitong paglapitin nang husto ang mga upuan nila. Halos maramdaman na niya ang hita nito sa gilid ng hita niya. Lingid sa ama ay pinanlakihan niya ito ng mga mata. Tila balewala iyon sa lalaki. Sa halip ay nagsimula na itong kumain.

“Siyanga pala, Kuya Angus, samahan mo uli akong mag-video games mamaya, ha?” ungot ng labindalawang taong gulang na si Miko.

“Hindi puwede, Miko, kailangan din niyang umuwi sa kanila para magpahinga. Hindi puwedeng araw-araw ay samahan ka niya sa paglalaro ng mga video games,” saway ng alkalde.

“Okay lang ho ’yun, Mayor, mabuti nga ho at may pagkakaabalahan ako.”

Natawa na lang ang daddy niya.

Nakita ni Amber na naglalaro ng *PlayStation* sina Miko at Angus sa kuwarta ng una. Bahagyang nakabukas ang pinto kaya sumilip siya, panay ang tawanan ng mga ito. Naka-plain sando at jogging pants si Angus at kitang-kita niya ang nagkikislutang muscles nito sa braso kapag gumagalaw ito.

Nagparamdam siya. “Eleven thirty na, Miko. Matulog ka na. Hindi maganda sa bata ang napupuyat.”

“Sandali na lang ’to, Ate, kailangan kong ma-beat ang score ni Kuya Angus. At saka bakasyon na ngayon, hindi ko na kailangang gumising nang maaga.”

“Ikaw, hindi ka pa ba uuwi?” baling niya sa binata. Ayon sa ama ay may apartment ito. “Maaga pa ang lakad n’yo ni Dad bukas, ah.”

“Malapit lang naman ang tinutuluyan ko, at wala akong problema sa paggising nang maaga.”

“Pakialam ko?” Tinaasan niya ito ng kilay.

“I thought you wanted to know.” Kinindatan siya nito.

Sa inis ay ibinagsak niya ang pinto ng kuwarto ni Miko. Pero bago iyon ay dinig na dinig niya ang bungisngisan ng dalawa.

3

Hatinggabi na nang umuwi si Amber ng bahay. Tulog na ang daddy niya, at patay na rin ang ilaw sa kuwarto ni Miko. Ang dalawang guards sa labas at ang isa nilang katulong na nagliligpit ng mga pinggan sa kusina ang naabutan niyang gising.

Tumuloy siya sa kanyang kuwarto at naligo. Hindi naituloy ni Amber ang pagpapahid ng lotion sa kanyang legs nang makita si Angus na natitigilan habang nakatingin sa kanya mula sa labas ng kanyang silid. Ugali niya kasing buksan muna ang pinto ng silid sandali bago i-on ang aircon.

Naramdaman niya ang pagbilis ng pintig ng puso nang makitang titig na titig ang lalaki sa kanya. Agad niyang hinakbang ang pinto para isara iyon pero mas mabilis ang binata. Naiharang nito ang sarili at mabilis na pumasok sa kanyang silid. Ito pa mismo ang nagsara ng pinto. Napaurong siya nang makitang ini-lock nito iyon.

“Angus...” Napasinghap siya nang maramdaman ang kamay nito sa likod niya, bahagyang humaplos doon.

Inilapit nito ang mukha sa kanya. “I like it when you say my name.”

“Umalis ka na, baka makita ka ni Dad.”

Sa sinabi niya ay napangiti ito. “Nag-aalala ka para sa ’kin? Paano kung sabihin kong mahimbing na siyang natutulog ngayon?”

Kitang-kita niya ang mapuputi nitong ngipin habang nakangiti. May kakaibang emosyon din na gumuhit sa mga mata nito habang nakatitig sa kanya. Hindi siya mangmang para hindi malaman kung ano iyon.

Longing? Para sa kanya? Mabilis niyang pinalis iyon sa isip. “Angus, please...”

“I miss you, Amber,” bulong nito.

She shivered. “Ano ba ang sinasabi mo? Lagi tayong nagkikita.”

Lalo itong napangiti. “Nami-miss kita kahit magkasama tayo, gaya ngayon.”

Ano ba ang ibig sabihin nito? “Angus...”

Bago pa siya nakahuma ay sumayad na ang mga labi nito sa bibig niya. His kiss was smooth, punung-puno ng respeto. It was sweet as heaven, at hindi niya

napigilan ang sumagot sa kaparehong intensidad. Kusa na ring naglakbay ang mga kamay niya sa likod nito. Mayamaya pa ay dumako ang halik nito sa leeg niya at nasabunutan niya ang lalaki sa sensasyong dala niyon.

Napaigtad si Amber nang maramdaman ang kamay nitong humahaplos sa isa niyang dibdib, naramdaman niya ang umuumbok na kung ano sa puso ng binata.

Bigla siyang napamulat at naitulak ito. Bakit hinayaan niyang mangyari iyon? Maski si Drew ay hindi pa siya nahalikan nang ganoon, dahil plano pa lang nito ay pinipigilan na niya.

“Amber...” samo nito.

“Please leave, Angus.” Tinalikuran na niya ito.

Ang pagbukas at paglapat ng pinto ang sunod niyang narinig. Napaiyak siya nang mapag-isa siya sa silid.

Sa kusina dumerecho si Angus pagkatapos ng mainit na tagpo sa pagitan nila ni Amber. Kumuha siya ng isang basong malamig na tubig at tinungga iyon. God knows kung gaano niya ito kailangan,

pero dapat niyang pigilan ang sarili. At kailan pa siya nagkainteres sa pag-aari na ng iba?

Iba si Amber sa mga babaeng nagdaan na sa buhay niya, iyon ang tiyak niya. Kaya siya nitong palambuti. Sa tingin lamang nito, nabubuhay ang pagnanais na maging siyang pinakamahusay na lalaki para rito. Maybe it was just lust. Iyon ang pilit niyang iginigiit sa sarili. Bukod doon, wala dapat siyang pakialam. He had to focus on his job. Iyon lamang, wala nang iba.

Natigilan siya sa paghakbang nang marinig ang tila pabulong na pagsasalita ni Mayor Jimenez. Nakatayo ito sa veranda, may kausap sa telepono. Nakita niyang nagtungo ito sa silid kanina, nagpaalam pa sa kanyang matutulog na.

“Huwag na huwag mong gagalawin ang mga anak ko, hayup ka. Dahil kahit sino ka pa, kahit saang impiyerno, hahanapin kita.” Pabalya nitong ibinaba ang cordless phone sa iron table sa tabi nito.

Nagulat ito nang malingunan siya.

“Kanina ka pa diyan?” tanong nito. Pumasok ito at tumuloy sa sala kung saan siya nakatayo.

Tumango siya. “At narinig ko ho ang sinabi n’yo.”

Hindi ito nagkomento, bagkus ay umupo sa sofa at hinaplos-haplos ang batok nito at sentido.

“Ipapatawag ko ho ba ang doktor n’yo?”

“Sakit lamang ito ng ulo, Angus. Uminom na ako ng gamot, mamaya lamang ay mawawala na ito,” sagot ng matanda, nagpatuloy sa paghihimas ng sentido.

Inobserbahan niya ito, manaka-naka ang pagtiim-bagang nito, alam niyang may mabigat itong problema.

“Dati ay sa cellphone ko lamang sila tumatawag, ngayon, pati na sa landline. Kaya gusto kong ako ang sumasagot ng mga tawag. Ayokong malaman ito ni Amber. Mangako ka, Angus, na hinding-hindi mo sasabihin ito kina Amber at Miko.”

Tumango siya. “Sino ho ba ang mga ’yon, Mayor?”

Pabuntong-hininga itong tumayo. “Mga kalaban sa pulitika. Isa lamang iyon sa mga death threats na hindi na mabilang.”

Hanggang sa magtungo siya sa quarters nila sa bahay ng alkalde ay nababagabag pa rin si Angus. Kanina, dahil lang iyon sa kapangahasan na kanyang ginawa. Ngayon, nag-aalala siya dahil may banta

talaga sa kaligtasan ng dalaga.

Hindi makatingin si Amber kay Angus nang mababaan ito sa dining hall kinabukasan, kasalo ang daddy niya at ni Miko. Mahigit isang buwan pa lang itong nagtatrabaho sa daddy niya pero bakit kampanteng-kampante na ang loob ng ama niya sa binata? At siya, wala pa silang isang linggong magkakilala ay nagpahalik na siya rito. At ni hindi niya ito nobyo! Kinakabahan siya, sa sulok ng mata niya ay kitang-kita niya ang pagkakatitig ni Angus sa kanya.

“Bakit maaga ka yatang bumangon ngayon, Miko?” aniya sa kapatid.

Katabi nito si Angus. Iniiwasan pa rin niyang magtama ang paningin nila ng binata.

“Maaga talaga, Ate, alas cuatro pa ako gising, nag-PS kami ni Kuya Angus.”

Kagyat na nag-landing ang tingin niya sa lalaki. Muntik na niya itong ismiran nang makita ang masayang aura nito. Kung kiss and tell ito, malilintikan ito sa kanya.

“Amber,” anang daddy niya, “si Angus ang

maghahatid sa 'yo papunta sa coffee shop.”

Mabilis na napatingin siya sa lalaking dahilan ng pagkapuyat niya.

“Dad, kung wala si Mang Isko, kaya kong mag-drive—”

“No arguments, Amber. Si Angus ang magda-drive para sa 'yo mula ngayon. Kahit saan ka magpunta, dapat kasama mo siya. Huwag na huwag mong tatangkaing suwayin ako. This is for your own good.”

“Pero, Dad—”

Tumayo na ang ama. “Si Isko ang magda-drive sa akin, so you have no choice. I have to go. Miko, be good,” pagtatapos nito.

“Yes, Dad!” maliksi nitong sagot.

Humalik sila sa ama bago ito tumalikod. Inirapan niya si Angus nang magtama ang mga mata nila. Duda niya ay may kinalaman ito sa desisyon ng ama. Gusto siyang paglaruan ng lalaki.

“Ako na lang ang magdadala niyan.”

Hinayaan ni Amber na kunin ni Angus ang mga dala niya bago niya ito hinarap. “Ano ba’ng gusto

mong mangyari, ha?”

“What are you talking about?” inosente nitong tanong.

“You know damn well what I’m talking about! Bakit bigla-bigla yatang ibinatas ni Daddy na maging bodyguard kita?”

“Ah, ’yun ba?” Nagkibit-balikat ito. “Sundin mo na lang ang daddy mo, Amber. Alam niya ang ginagawa niya.”

“At ang lagay, eh, magiging anino kita kahit saan ako magpunta? Hindi pa ako nababaliw, Mr. Madriaga. Kausapin mo si Dad. Kaya kong mag-drive mag-isa.”

“Don’t be a brat, Amber. Panahon ng kampanya and you know very well na nangangati ang mga kalaban para sirain ang lahat ng humaharang sa ambisyon nila. Kailangan mo ng bodyguard.”

“Puwes, hindi ikaw ang gusto kong bodyguard.”

“Dahil ba natatakot ka na gawin ko uli ang ginawa ko kagabi?”

Nanlaki ang mga mata niya. “Shut up, baka may makarinig sa ’yo.” Luminga-linga siya sa paligid. “At huwag na huwag mo nang uulitin ’yon.”

Ang mokong, hanggang tainga ang pagkakangisi. Gusto niya itong batukan.

“Why not? I liked it.”

“What are you talking about?”

“The kiss, I liked it.”

Napalunok siya sa narinig. She didn't know what to say. Ano ang sasabihin niya? Na nagustuhan din niya ang halik nito? Hindi pa siya nasisiraan ng ulo. Noon sumulpot si Drew.

“Babe, mabuti na lang at naabutan kita. I thought nakaalis ka na, eh.”

“Bakit pumunta ka pa dito? Akala ko nasa munisipyo ka na.”

“Hindi ko matiis na hindi ka makita, Babe.”

Gustong itirik ni Angus ang mga mata. “Pasensya na, Konsehal, pero ako ang maghahatid kay Amber sa coffee shop.”

Mabilis na bumaling si Drew rito, nanlalaki ang mga butas ng ilong nito. “What the hell are you talking about?”

“Ibinilin ni Mayor si Amber sa akin.”

“Teka nga muna, bakit tinatawag mo siya sa pangalan niya?”

“Wala akong nakikitang masama d’un.”

“Para sabihin ko sa ’yo, utusan ka lang niya.”

“Tama na ’yan.” Hindi na nakatiis si Amber na hindi sumabat. “Do you guys always have to argue sa tuwing magkikita kayo? Kung lagi kayong magbabangayan, wala akong sasamahan kahit sino sa inyong dalawa.”

Agad na umamo ang mukha ni Drew. “Okay, I’m sorry, pero dati na kitang sinusundo, Babe. Hindi ko alam kung ano ang pumasok sa isip ni Tito Fred at basta ka na lang niya ipinagkatiwala sa lalaking ito na ni hindi pa natin lubos na kilala.”

“That’s my dad you’re talking about, Drew,” napipika na niyang sabi.

Hindi pa rin ito kumbinsido. “Wala pa rin akong tiwala sa pagmumukha ng gusto niyang bodyguard mo.”

“Alam mong kailangan ’to, at least, hanggang matapos ang eleksyon.”

Nakailang ulit na tumingin nang masama si Drew kay Angus bago ito umalis.

Sa kotse ay pinukol ng konsehal ng nagbabagang tingin ang kotseng sinasakyan nina Amber at Angus. Dinukot ng lalaki ang cellphone sa bulsa at may tinawagan.

“Romero? May ipagagawa ako sa ’yo. Gusto kong alamin mo ang lahat ng detalye tungkol sa pagkatao ni Angus Madriaga. Kahit ang kaliit-liitang baho niya, naiintindihan mo ba?”

“Hindi ko maintindihan kung bakit sinagot mo ’yun. Syota mo ba talaga ’yun?” himutok ni Angus habang nasa daan.

“You mean boyfriend?”

“Pareho lang ’yun, Sweetie. Syota mo ba talaga ang Drew na ’yun?”

Hindi makasagot si Amber. Hindi kasi niya maalala na sinabihan niya si Drew ng ‘I love you’. Mas tamang sabihin na naging ‘komportable’ siya rito.

“I knew it, you don’t love him,” bulalas nito.

Napalunok siya, lalo na’t titig na titig ito sa kanya, hindi man lang natatakot na baka mabangga sila.

“Ang pagmamaneho mo ang asikasuhin mo,” sita niya.

Ibinalik nito ang atensyon sa daan. “Tell me, Amber. Mahal mo ba siya?”

Inismiran niya ito, pilit itinatago ang totoong saloobin. Kinakabahan siya. Ano ngayon dito kung hindi niya mahal si Drew? “It’s none of your business, Angus. Hindi mo trabaho ang pakialaman ang personal kong buhay.”

“Bakit ka ba nagagalit sa akin? Was it the kiss we shared?”

Nag-init ang kanyang mga pisngi. “Huwag mo na ngang ipaalala ’yon sa akin.” She tried to be calm although there were butterflies in her stomach.

“Bakit hindi ko ipapaalala? It’s the sweetest kiss I’ve ever tasted.” Hanggang tainga ang ngisi nito.

“Huwag mo akong ikumpara sa mga babae mo, Angus Madriaga.”

Umalingawngaw sa apat na sulok ng kotse ang tawa nito. “Nagseselos ka ba?”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Nagseselos? Naririnig mo ba ang sinasabi mo, Mr. Madriaga? At bakit ako magseselos, ano ba kita?”

Guarded Heart - Christine Acance

“Future boyfriend mo.”

Ang lakas ng tibok ng puso niya.